www.kidworship.kr


# Ang Matagumpay na Pagpasok ni Jesus sa Jerusalem

- 14th Story-



91Page

NAR Dumating ang Pista ng Paskwa. Ang Paskwa ay nagpapaalala ng pag-papalaya ng Diyos sa mga Israelita mula sa pagkaalipin sa Egipto. Sila ay pinamunuan ni Moises nuon. Sa pagdiriwang ng Pista ng Paskwa, ang lahat ay nagtitipon sa templo sa Jerusalem. Si Jesus ay pumunta din sa Jerusalem para sa Paskwa. Ang mga tao ay nagpunta duon para ipagdiwang ang Paskwa. Si Jesus naman ay may ibang dahilan sa pagpunta duon.



92Page

Jesus "Pumunta kayo sa susunod na nayon. Pagpasok n'yo roon makikita ninyo ang isang batang asno na nakatali. Hindi pa ito nasasakyan ng kahit sino. Kalagan ninyo at dalhin dito. Kung may magtanong kung bakit ninyo kinakalagan ang asno, sabihin ninyong kailangan ng Panginoon."

NAR Dinala nila ang asno kay Jesus. Sinapinan nila ng kanilang mga bala-bal ang likod ng asno at sinakyan ito ni Jesus. Si Jesus na Anak ng Kataastaasang Diyos ay pumasok sa Jerusalem ng mapagpakumbaba.



93Page

NAR Maraming tao ang nagwagayway ng mga sanga ng palmera na pinutol nila. Sila sumigaw ng:

Person 1 "Purihin ang Anak ni David! Pagpalain ang dumarating sa pangalan ng Panginoon! Purihin ang Dios!"

NAR Maraming tao ang naglatag ng kanilang mga balabal sa daan at binati si Jesus.

People Purihin ang Dios sa langit!"

NAR Pinatuloy ng mga tao si Jesus na tulad ng isang hari.



94Page

NAR Nakaramdam ang mga alagad ng pagmamalaki.

Disciple 1 Wow! Diba't napakaimportante ni Jesus! Dii magtatagal at magiging hari sya. At kapag naging hari na sya, ako naman ay magiging kanang-kamay nya at tutulungan ko sya.

Disciple 2 Dapat may posisyon din ako sa tabi nya, diba? Hehe!

NAR Pero alam ni Jesus na ang palakpakan ng mga tao ay hindi mananatili magpakailanman. Ang kaharian ng Diyos ang Kanyang iniisip hindi ang karangalan ng mundo. Dumating si Jesus sa Jerusalem para pasanin ang krus para sa lahat ng mga makasalanan.



95Page

N A R Pagdating ni Jesus sa Jerusalem, pumunta siya sa templo. Pinagmas–dan niyang mabuti ang lahat ng bagay doon. Pagdating nya sa templo, nagulat sya dahil puno ito ng nagtitinda. Nagalit si Jesus sa kanyang nakita at tinaob niya ang mga mesa ng mga nagpapalit ng pera at ang mga upuan ng mga nagtitinda ng mga kalapating inihahandog sa templo at pinagbawalan niya ang mga taong may paninda na dumaan sa templo.

J e s u s "Hindi ba't sinasabi ng Dios sa Kasulatan, 'Ang aking bahay ay magig–ing bahay–panalanginan ng lahat ng bansa'? Ngunit ginawa ninyong pugad ng mga tulisan."

N A R Itinaboy ni Jesus ang mga namimili at nagtitinda sa templo. Samantala, nabalitaan ng mga namamahalang pari at ng mga tagapagturo ng Kau–tusan ang ginawa ni Jesus. Kaya humanap sila ng paraan upang mapa–tay siya. Pero natatakot sila sa kanya dahil hangang–hanga ang mga tao sa kanyang mga turo. Naniniwalang silang ang kapangyarihang magpaliwanag at magturo ng Salita ng Diyos ay bagay na sila lang ang makagagawa.